

الأذكار التي تقال صباحًا ومساءً

Sa ngalan ni Allah, ang Mahabagin, ang Maawain Mga Dhikr [Pag-alaala] na binibigkas sa umaga at hapon

(اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لَا تَأْخُذُهُ سِنَّةٌ وَلَا نَوْمٌ لَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا شَاءَ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ وَلَا يَئُودُهُ حِفْظُهُمَا وَهُوَ الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ).

(Allahu laa ilaaha illaa huwal hayyul Qayyum, la ta`khudhuhu sinatuw walaa nawm, lahu maa fis samaawaati wamaa fill-ardh, man dhalladhii yashfa-`u `endahu illa bi-idhnihi, ya`lamu maa bayna aydiihim wamaa khalfahum, walaa yuheetuuna bishay-in min elmihii illa bimaa shaa, wasi-`a kursiyyuhus samaawati wal-ardh, walaa ya-`udhuhu hifdhuhumaa wahuwal `aliyyul `a`dheem)

Si Allah, walang diyos na dapat sambahin] maliban sa Kanya, ang Buhay, at ang patuloy na Tagapagpanatili [ng lahat]. Ang antok at idlip ay hindi makapananaig sa Kanya, sa Kanya ang [pagmamay-ari ng] anumang nasa mga kalangitan at anumang nasa kalupaan. Sino ba ang maaaring [makiusap upang] makapamagitan sa Kanya, malibang Kanyang pahintulutan. Kanyang nababatid ang anumang mangyayari sa kanila [sa kabilang buhay] at kailanman ay hindi nila matatarok ang anumang bagay mula sa Kanyang nais. Ang Kanyang Kursi ay sumasakop[sumasaklaw at umaabot] sa mga kalangitan at kalupaan. At [Siya ay] walang kapaguran sa pananatili sa kanila. At Siya ang Kataas-taasan, ang Dakila.

[Al-Baqarah: 255] (Ayatul Kursi)

(آمَنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنْزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ ۚ كُلُّ آمَنَ بِاللَّهِ
وَمَلَائِكَتِهِ وَكُتُبِهِ وَرُسُلِهِ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ أَحَدٍ مِنْ رُسُلِهِ وَقَالُوا
سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا غُفْرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيْكَ الْمَصِيرُ * لَا يُكَفِّرُ اللَّهُ نَفْسًا
إِلَّا وَسْعَهَا لَهَا مَا كَسَبَتْ وَعَلَيْهَا مَا اكْتَسَبَتْ رَبَّنَا لَا تُؤَاخِذْنَا إِنْ
نَسِينَا أَوْ أَخْطَأْنَا رَبَّنَا وَلَا تَحْمِلْ عَلَيْنَا إصْرًا كَمَا حَمَلْتَهُ عَلَى
الَّذِينَ مِنْ قَبْلِنَا رَبَّنَا وَلَا تُحَمِّلْنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِ وَاعْفُ عَنَّا
وَاعْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا أَنْتَ مَوْلَانَا فَانصُرْنَا عَلَى الْقَوْمِ الْكَافِرِينَ).

(Aamanar rasuulu bima unzila ilayhi min
rabbihi wal mu`minuun, Kullun Aamana billahi wa
malaa-ikatihi wa kutubihi wa rusulih, laa
nufarriqu bayna ahadim mir rusulih, wa qaaluu
same`ena wa ata`na ghufraanaka rabbanaa wa
ilaykal maseer)

Ang Sugo si Muhammad] ay naniwala sa
anumang ibinaba [o ipinahayag] sa kanya mula sa
kanyang Panginoon at gayundin ang mga

naniniwala. Silang lahat ay naniwala kay Allah at sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat at sa Kanyang mga sugo. [Sila ay nagsasabing]: "Kami ay hindi nagbibigay ng pagtatangi sa pagitan ng sinuman sa Kanyang mga sugo," At sila ay nagsasabing: "aming narinig at aming sinunod.[Hangad po namin ang] Iyong kapatawaran, Aming Panginoon, at sa Iyo ang [aming huling] patutunguhan".

(Laa yukallifullaahu nafsan illa wus-`aha, laha maa kasabat wa `alayha maktasabat, Rabbanaa laa tu-akhidhnaa in nasiyna aw akhta`na, Rabbanaa walaa tahmil `alaynaa isran kamaa hamaltahuu alalladheena min qablina, Rabbanaa walaa tuhammilna maalaa taaqata lanaa bihi, wa`fu `anna waghfirlanaa warhamnaa, anta mawlaana fansurnaa `alal qawmil kaafireen.

Si Allah ay hindi magbibigay- pasanin sa isang kaluluwa maliban sa [abot ng] kakayahan nito. Makakamit nito ang [bunga ng] anumang [buting] pinagsumikapan nito, at papasanin nito ang [bunga ng] anumang [kasamaang] pinagsumikapan nito. " [O Allah] aming Panginoon, huwag Mong ipapataw ang sumbat sa amin kung kami man ay nakalimot o nagkamali, " [O Allah] aming Panginoon, huwag Mong iatang sa amin ang pasaning iniatang Mo sa mga nauna sa amin, " [O Allah], aming Panginoon, huwag Mong ipapasan sa amin ang anumang [mga pasanin] na wala kaming kakayahan [magpasan]para rito.Ipagpaumanhin Mo kami [sa aming mga kasalanan] at kahabagan Mo kami, Ikaw ang aming Tagapagtanggol, kaya igawad Mo sa amin ang tagumpay laban sa mga di-naniniwala.

[Al-Baqarah: 285-286]

(قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ) (قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ) (قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ
النَّاسِ).

(Qul huwa -llāhu aḥad.) (Sabihin mo: "Siya, si
Allah, ay iisa.)

(Qul a`-udhu birabbil falaq)

(Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa
Panginoon ng buhang-liwayway)

Qul a`ūdhu birabbi -nnās, (Sabihin mo:
"Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,)

Ang buong tatlong kabanata ay bibigkasin ng
tatlong beses

**(A`ūdhu bikalimātillāhit tām māti min sharri
ma khalaq)**

**Nagpapakupkop ako sa lubos na mga salita ni
Allah laban sa kasamaan ng anumang nilikha
Niya tatlong ulit**

**"Bismi -llāhi -lladhī lā yaḍurru ma`a -smihi
shay'un fi -l'arḍi wa lā fi -ssamā'i, wa huwa -**

ssamī`u -l`alīm. (Sa ngalan ni Allāh na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anuman sa lupa ni sa langit at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaaalam.)" tatlong ulit

"Raḍītu bi-llāhi rabban, wa-bi-l'islāmi dīnan, wa-bi-muḥammadin ṣalla -llāhu `alayhi wa-sallama nabīyā. (Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang Relihiyon, at kay Muḥammad - basbasan siya ni Allāh at pangalagaan - bilang Propeta.)" tatlong ulit

Aṣḥaḥnā wa aṣḥaḥa -lmuḥu lillāhi wa -lḥamdu lillāh; lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā sharīka laḥ, laḥu -lmuḥu wa laḥu -lḥamdu, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr; rabbi as'aluka khayra mā fī ḥādha -lyawmi wa khayra mā ba'dahu; wa a'ūdhu bika min sharri ma fī ḥādhal yawmi wamin sharri mā ba'dahu, rabbi a'ūdhu bika minal -lḥasali wal ḥarami wa sū'i -lkibari; a'ūdhu bika min `adhābin nnāri wa `adhābin fī -lqabr.

(Sumapit kami sa umaga at nanatili sa umaga na ang paghahari ay kay Allah. Ang papuri ay ukol kay Allah. Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa lahat ng bagay ay Makapangyarihan. Panginoon ko, hinihiling ko sa Iyo ang mabuti sa araw na ito at ang mabuti pagkatapos nito, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama sa araw na ito at sa masama

pagkatapos nito. Panginoon ko, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa katamaran at sa kasagwaan ng katandaan. Panginoon ko, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa isang pagdurusa sa Apoy at sa isang pagdurusa sa libingan.) At sa hapon naman ay bigkasin ang: (Amsaynā wa amsal mulku lillāh)

Sumapit kami sa hapon , at nanatili sa hapon na ang Paghahari ay kay Allah at bigkasin ang: (Rabbi as-aluka khayra mā fī hādhihil laylah)

Panginoon ko, hinihiling ko ang mabuti sa gabing ito... hanggang sa dulo nito, at papalitan ang (Asbahnā wa asbaha) at ang (hādha-lyawmi) (Allāhumma bika asbahnā wa bika amsayna wa bika nahyā wabika namūtu wa ilaykan nushūr)

O Allah, kami ay pumapasok sa umaga sa pamamagitan Mo at kami ay pumapasok sa gabi sa pamamagitan Mo. Nabubuhay kami sa Iyo at namamatay kami sa Iyo at sa Iyo kami ay titipunin At sa hapon naman ay bigkasin ang: (Allāhumma bika amsaynā wa bika asbahnā wa bika namūtu wabika nahyā wa ilayka - lmasēr)

O Allah, kami ay pumapasok sa gabi sa pamamagitan Mo at kami ay pumapasok sa umaga sa pamamagitan Mo. Namamatay kami sa Iyo at nabubuhay kami sa Iyo at sa Iyo kami ay babalik

Allāhumma mā aşbaḥa bī min ni`matin aw bi'aḥadim min khalqika faminka waḥdaka lā sharika laka, falaka -lḥamdu wa laka -shshukru.

(O Allah, ang anumang inumaga sa akin na biyaya o sa isa sa nilikha Mo ay mula sa Iyo: tanging sa Iyo, wala Kang katambal; kaya ukol sa Iyo ang papuri at ukol sa Iyo ang pasasalamat.) At sa hapon naman ay bigkasin ang: Allāhumma mā amsā bī

tatlong ulit

Allāhumma innī as'aluka -l'āfiyata fi -ddunyā wa -l'ākhirah, allāhumma innī as-aluka -l'afwa wa -l'āfiyata fi dīnī wa dunyāya wa ahli wa māli, allāhumma -stur `awrātī wa āmin raw`ātī, allāhumma -ḥfaḍnī mim bayni yadayya wa min khalfi wa `an yamīnī wa `an shimālī wa min fawqī, wa a`ūdhu bi`aḍamatika an ughtāla min taḥtī.

(O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kagalingan sa Mundo at Kabilang-buhay. O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng paumanhin at kagalingan sa relihiyon ko, pangmundong buhay ko, mag-anak ko, at ari-arian ko. O Allah, pagtakpan Mo ang mga kahihyan ko at patiwasayin Mo ang mga pangigingilabot ko. O Allah, pangalagaan Mo ako mula sa harapan ko at sa likuran ko, sa dakong kanan ko at sa dakong kaliwa ko, at sa itaas ko.

Nagpapakupkop ako sa kadakilaan Mo upang hindi ako traydurin mula sa ilalim ko.)

Allāhumma anta rabbī, lā ilāha illā anta, khalaqtanī wa anā `abduka, wa anā `alā `ahdika wa wa`dika ma -staṭa`tu, a`ūdhu bika min sharri mā ṣana`tu, abū'u laka bini`matika `alayya, wa abū'u bidhambī, faghfir lī fa'innahū lā yaghfiru -dhdhunūba illā ant.

(O Allah, Ikaw ang Panginoon ko. Walang Diyos kundi Ikaw. Nilikha Mo ako at ako ay alipin Mo. Ako ay nasa ilalim ng kasunduan sa Iyo at pangako sa Iyo hanggang sa abot ng makakaya ko. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama sa nagawa ko. Kinikilala ko sa Iyo ang biyaya Mo sa akin. Kinikilala ko sa Iyo ang kasalanan ko kaya patawarin Mo ako sapagkat walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw.)

Allāhumma fāṭira -ssamāwāti wa -l'ardi, `ālima -lghaybi wa -shshahādati , rabba kulli shay'in wa malīkahu, ashhadu an lā ilāha illā anta, a`ūdhu bika min sharri nafsi, wa min sharri -shshayṭāni wa shirkihi, wa an aqtarifa `alā nafsi sū'an aw ajurrahu ilā muslim.

(O Allah, Tagapaglalang ng langit at lupa, ang Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksi, Panginoon ng bawat bagay at Tagapagmay-ari nito, sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan ng sarili ko, laban sa kasamaan ng

Demonyo at pagtatambal nito, at [laban sa] paggawa ko sa sarili ko ng isang kasagwaan o pagdulot niyon sa isang Muslim.)

Allāhumma innī asbahtu wa ush-hiduka, wa ush-hidu hamalata 'arshika, wa malā-ikatika, wa jamī-à khalqika, annaka anta-llāhu lā ilāha illā anta wahdaka lā sharīka lak, wa anna Muhamadan ābduka wa rasūluka

(O Allah, sumapit sa akin ang umaga at ako ay nananawagan sa Iyo, sa mga nagdadala ng Iyong Trono, sa Iyong mga anghel, at sa lahat ng Iyong nilikha upang sumaksi na Ikaw ay si Allah, walang diyos maliban sa Iyo, at si Muhammad ay Iyong Lingkod at Sugo) At sa hapon ay Allāhumma innī amsaytu hanggang sa dulo nito (apat na ulit)

"Lā 'ilāha 'illa -llāhu wahdahu lā šarīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamdu wa-huwa `alā kulli šay'in qadīr. (Walang Diyos kundi si Allāh -tanging Siya, walang katambal para sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa lahat ng bagay ay May-kakayahan.)" (100x) sa umaga at hapon

Ḥasbiya -llāhu lā ilāha illā huwa; `alayhi tawakkaltu, wa huwa rabbu -l'arshi -l'adīm.

(Sapat sa akin si Allah. Walang Diyos kundi Siya; sa Kanya ako nanalig at Siya ang Panginoon ng tronong sukdukan sa laki.) (pitung ulit)

Subhānallāhi wa bihamdih
(Napakaluwalhati ni Allah at kalakip ng papuri
sa Kanya) (100x) sa umaga at hapon o sa
dalawang ito.

Astaghfirullāha wa atūbu ilayhi
(Humihingi ako ng tawad kay Allah at
nagbabalik-loob ako sa Kanya) (100x)

Ito ang naging magaan sa pagsulat nito at
hinihiling ko kay Allah na ito ay magbigay
pakinabang.

Isinulat ni Muhammad Sālih Al-Ûthaimen
noong 20-1-1418h

Index

No table of contents entries found

tl312v2.0 - 04/09/2026